Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Agosto 10, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 239 , s. 2018

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON AT PAGBABAGO SA DIVISION MEMORANDUM NO. 213, s. 2018 PARA SA ASIGNATURANG FILIPINO**

**Para sa:** **Mga Pinunong Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pampurok**
**Mga Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Mga Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko ng Elementarya at Integrado**

1. Ang magiging pamagat ng pagsasanay ay "**Pansangay na Pagsasanay Upang Malinang ang Nilalaman at Pedagohiya ng mga Guro sa Filipino para sa Una hanggang Anim na Baitang**" na gaganapin sa **ika-27 hanggang 29 ng Setyembre 2018 sa Governor Corazon L. Cabagnot Tourism and Training Center, Old Buswang, Kalibo, Aklan.**

2. Ang mga kalahok sa pagsasanay na ito ay isang (1) Pansangay na Tagamasid sa Filipino, isang (1) Pansangay na Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya) at anim (6) na guro mula sa bawat purok. Ang anim (6) na gurong dadalo ay isang (1) Pampurok na Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya), isang (1) Pampurok na Tagapag-ugnay sa Pagbasa at apat (4) na guro mula sa bawat baitang na natira. Halimbawa: Kung sakaling ang Pampurok na Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya) ay mula sa Baitang Anim(6), siya na ang para sa Baitang Anim (6) at kung sakaling ang Pampurok na Tagapag-ugnay sa Pagbasa ay mula sa Baitang Isa (1), siya na rin ang para sa Baitang Isa (1). Ang apat (4) na mga gurong dadalo ay manggagaling mula sa Baitang Dalawa (2), Tatlo (3), Apat (4) at Lima (5) upang makumpleto ang 6 na kalahok ng bawat purok.

3. Ang pagsasanay sa paggawa ng Kolaboratibong Banghay Aralin at Pagtuturo ng Panimulang Pagbasa gamit ang Pamamaraang Marungko ay inaasahang magiging paksa para sa Pampurok na INSET sa darating na Oktubre 2018.

4. Iminumungkahing ang mga kalahok ay magdala ng mga sumusunod:
   a. Gabay Pangkurikulum sa Filipino;
   b Gabay sa Pagtuturo;
   c. Mga aklat at kagamitang maaaring sanggunian;
   d. Laptop;
   e. Extension cord; at
   f. Internet connectivity device with load.

5. Ang mga kinauukulang pinuno ng mga paaralan ay inaatasang gumawa ng kaukulang hakbang upang masunod ang **"no disruption of classes policy."**

6. Ang mga namamahala at kalahok ay bibigyan ng Service Credits/Compensatory Time-off alinsunod sa DepEd Order No. 53, s. 2003.

7. Ang rehistrasyon, pamasahe at iba pang gastusin ng bawat kalahok ay kukunin mula sa MOOE/lokal na pondo ng kani-kanilang mga paaralan na mapapasailalim sa tamang regulasyon at alituntuning gumagabay sa akawnting at pagsusuri.

8. Kalakip nito ang Disenyong Pangkasanayan (Training Matrix), Talaan ng mga Tagapagpaganap at Talaan ng mga Kalahok. Ang **Talaan ng mga Kalahok** ay kailangang maisumite bago sumapit ang **Ika-7 ng Setyembre 2018** o maaaring ipadala sa pamamagitan ng email ad. na ito: **tropa.marth20@yahoo.com**.

9. Para sa karagdagang impormasyon hinggil dito, tumawag kay G. Marth S. Tropa, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa numero 09988618485.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SALVADOR O. OCHAVO, Jr., Ed.D, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Division Memorandum No. 213, s. 2018
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

ASIGNATURANG FILIPINO     BANGHAY ARALIN     GURO

MST/cdb

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

## DISENYONG PANGKASANAYAN

## PANSANGAY NA PAGSASANAY UPANG MALINANG ANG NILALAMAN AT PEDAGOHIYA NG MGA GURO SA FILIPINO PARA SA UNA HANGGANG ANIM NA BAITANG

| **Oras** | **Unang Araw**<br>**Setyembre 27, 2018**<br>**Huwebes** | **Ikalawang Araw**<br>**Setyembre 28, 2018**<br>**Biyernes** | **Ikatlong Araw**<br>**Setyember 29, 2018**<br>**Sabado** |
|---|---|---|---|
| 8:00 – 8:30 NU | Rehistrasyon | Mga Preliminaryo | Mga Preliminaryo |
| 8:30 – 9:00 NU | Pambungad na Palatuntunan<br>**Mga Pampurok na Tagapag-ugnay** | Paghahanda ng Kolaboratibong Banghay Aralin | Pagsusuri/Penalisasyon ng mga nagawang Kolaboratibong Banghay Aralin |
| 9:00 –9:30NU | Oryentasyon<br>**G. Marth S. Tropa** | | |
| 9:30 – 10:30NU | Mga Makabago at Napapanahong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino<br>(Una, Ikalawa at Panapos na bahagi)<br>**Gng. Maria Fe T. Rabe** | | |
| 10:30 – 11:30NU | | Pagsusuri ng Nagawang Kolaboratibong Banghay Aralin<br>**Mga Nakatalagang Tagasuri** | Pagtuturo ng panimulang Pagbasa gamit ang Pamamaraang Marungko<br>**Gng. Fe T. Navarro** |
| 11:30 – 12:00NU | | | |
| 12:00 – 1:00 NH | **Pananghalian** | **Pananghalian** | **Pananghalian** |
| 1:00 – 2:00 NH | Integratibong Pagdulog sa mga Makrong Kasanayan<br>**Gng. Mary Ann U. Alcedo** | Paghahanda para sa Pagpapakitang Turo | Pagtuturo ng panimulang Pagbasa gamit ang Pamamaraang Marungko<br>**Gng. Fe T. Navarro** |
| 2:00 – 3:00 NH | Pagtataya sa Pagtuturo at Pagkatuto/Pormatibong Pagtataya<br>**Gng. Herline N. Teodosio** | Pagpapakitang Turo | Paghahanda ng Desinyong Pangkasanayan para sa Pandistritong Palihan (INSET) |
| 3:00 - 4:00 NH | Kolaboratibong Paghahanda ng Banghay Aralin<br>**Gng. Fe T. Navarro** | Panghuling Konperensya at Pagrerebisa ng Kolaboratibong Banghay Aralin | Panapos na Gawain |
| 4:00 – 5:00 NH | Pagpapakitang Turo<br>**Gng. Fe T. Navarro** | | |
| 5:00 – 6:00 NH | Pagpupulong ng mga Namamahala ng Palihan | Pagpupulong ng mga Namamahala ng Palihan | |
| Awtput | Kolaboratibong Banghay Aralin | Kolaboratibong Banghay Aralin | Nasuring Kolaboratibong Banghay-Aralin/ Desinyong Pangkasanayan para sa Pandistritong Palihan |
| Tagapamahala | Gng. Maria Fe T. Rabe | Gng. Susan R. Sablaon | Gng. Fe S. Navarro |

**PUNONG LUPON**

SALVADOR O. OCHAVO, JR., Ed.D., CESO VI
Dr. DOBIE P. PAROHINOG
Pangkalahatang Puno ng Lupon

G. MARTH S. TROPA
Gng. MARIA FE T. RABE
Pangalawang Pangkalahatang Puno ng Lupon

**LUPONG TAGAPAGPAGANAP**

| | |
|---|---|
| Programa/Imbitasyon : | Gng. Edlyn A. Regno |
| | Gng. Edda U. Orbista |
| | Gng. Menchie T. Bijasa |
| Katibayan/ Sertipiko: | Gng. Lothes N. Naca |
| | Gng. Marivic Z. Bajogo |
| | Gng. Cecilia I. Garcia |
| Dokumentasyon: | Gng. Virginia C. Berano |
| | G. Romano B. Casuncad |
| | Gng. Cynthia R. Tumbokon |
| Akomodasyon: | Gng. Fe S. Navarro |
| | Gng. Leilanie F. Pintor |
| | Gng. Mariel F. Bolivar |
| Rehistrasyon: | Gng. Susan R. Sablaon |
| | Gng. Kristy P. Reunir |
| | Gng. Caroline F. Fernandez |
| Dekorasyon sa Entablado: | Gng. Maria Trinidad E. Custodio |
| | Gng. Mary Susan M. Igtanloc |
| Pagkain: | Gng. Ma. Concepcion S. Mande |
| | Gng. Maria Jevy B. Prado |

**PANSANGAY NA PAGSASANAY UPANG MALINANG ANG NILALAMAN AT PEDAGOHIYA NG MGA GURO SA FILIPINO PARA SA UNA HANGGANG ANIM NA BAITANG**

**TALAAN NG MGA KALAHOK**

**Purok:** ____________________________

| Bilang | Baitang | Pangalan | Katungkulan | Paaralan |
|---|---|---|---|---|
| Pampurok na Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya) | | | | |
| 1 | | | | |
| Pampurok na Tagapag-ugnay sa Pagbasa | | | | |
| 1 | | | | |
| Mga Guro | | | | |
| 4 | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Inihanda at isinumite ni:

______________________________
Tagamasid Pampurok/
Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok